Republic of the Philippines
Department of Education
CARAGA REGION

RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE - CARAGA
RELEASED
AUG 20 2021
By: Date:

Agosto 19, 2021

MEMORANDUM PANREHIYON
Bilang 649, s. 2021

Sa: MGA PANGSANGAY NA TAGAPAMINAHALA NG MGA PAARALAN
Ang Rehiyong Ito

PAMPINID NA PALATUNTUNAN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN
NG WIKANG PAMBANSA 2021

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 046, s. 2021 na nagmumungkahing gawain sa huling linggo ng Agosto ang paglikha ng panitikan gamit ang wikang katutubo na nagpapakita at nagtataguyod ng panitikang Filipino, ang rehiyon ay magtatampok ng mga entring **BALAK** mula sa 12 sangay ng rehiyon.

2. Ilalahad ang nasabing mga Balak sa Pampinid na Palatuntunan ng Rehiyon sa Agosto 27, 2021, 1:00 n.h. sa pamamagitan ng MS Teams kasabay ang pagpapakita nito sa *Facebook*.

3. Hinihikayat ang bawat isa na magsuot ng kakatawan bilang isang Pilipinong nagmamahal sa kanyang bansang minamahal.

4. Kalakip sa Memorandum na ito ang Pamantayan sa Entring Balak.

5. Maaaring sumangguni sa tagapagtaguyod at tagapangasiwa ng pagdiriwang na ito, ang tanggapan ng Curriculum and Learning Management Division (CLMD) o di kaya'y tumawag sa 09171304852 sa dagdag na impormasyon at katanungan,

6. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**EVELYN R. FETALVERO, CESO IV**
Direktor IV

Kalakip.: Pamantayan sa Entring Balak
Sanggunian: DM No. 046, s. 2021
Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan
sa ilalim na sumusunod na paksa:

CELEBRATION CURRICULUM FILIPINO

CLM/mcj
08/19/2021

Address: J.P. Rosales Avenue, Butuan City
Trunkline No: (085) 342-8207
Telefax No: (085) 342-5969
Email: caraga@deped.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED
Certificate No.: UAE/QMS/2019/1938
2021-08-10410
Document Control No: DepEdRO13-REC-013/R3/02-18-2020

Kalakip 1 sa MP Blg. 649, s. 2021

PAMANTAYAN SA ENTRING BALAK
PARA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2021

Ang **BALAK** ay isang salitang Sebwano at tumutukoy sa anyong tula. Maiuugnay rin ito sa mismong kahulugan ng pagtula na isang plano o pagbabalak tungo sa paghahabi ng mga konsepto at ideya. Maituturing na isang tulang liriko o tula ng damdamin na nagpapakita ng matinding emosyon ng tao. *(sanggunian: 2000 Sagisag Kultura ng Filipinas Edisyong Agosto 2013)*

**A. Mekaniks**

1. Ang BALAK ay naglalayong himukin ang mga natatanging mambabalak ng rehiyon na ilahok ang kanilang mga akda.

2. Bawat *SANGAY* ay inaasahang magkakaroon ng isang entri alinman ang kasarian nito.

3. Iugnay ang paksa ng balak ayon sa tema ng pagdiriwang ngayong taon; may apat (4) na saknong na binubuo ng mga taludtod na may tugma.

   **Mungkahing Paksa**:
   - Ang Wikang Katutubo bilang Wika ng Paghilom
   - Wikang Katutubo: Salamin sa Pagkakaisa ng Mamamayan

4. Bigkasin ang isinulat na balak at irekord gamit ang alinmang teknolohiya. Kailangang násа wikang katutubo o wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin sálin mula sa ibang wika. Maaaring lapatan ng musika o instrumento bilang *background music.*

5. Ang entri ay isusumite sa anyong MP4 sa http://bit.ly/BalakEntri hanggang Agosto 26, 2021.

6. Ang mambabalak ay makatatanggap ng sertipiko bilang pagpapahalaga sa talentong ibinahagi sa pagtataguyod ng panitikang Filipino.

7. Bawat Balak ay magiging bahagi na ng lupon ng mga akda ng Rehiyon na dadaan sa *QA standard* ng LRMDC.

Republic of the Philippines
Department of Education

29 JUL 2021

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 046 , s. 2021

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2021**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31, ang pagdiriwang ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Buwan ng Kasaysayan, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 21-17 na nagtatakda ng temang, **Filipino at Mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino**, na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2021 ay ang mga sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Hinati sa apat na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 2-6, 2021 | Wikang Katutubo: Tanghalan ng Yaman at Kalinangang Katutubo |
| Agosto 9-13, 2021 | Wikang Katutubo: Wika ng Lahi, Wika ng mga Bayani |
| Agosto 16-20, 2021 | Wikang Filipino: Bigkis ng Magkakalayong Pulo |
| Agosto 23-31, 2021 | Mga Wikang Katutubo sa Pagbubuo ng Pambansang Panitikan |

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City 1600 8633-7208/8633-7228/8632-1361 8636-4876/8637-6209 www.deped.gov.ph

5. Kalakip nito ang mungkahing mga gawain angkla sa lingguhang tema ng isang buwang pagdiriwang.

6. Mungkahi ang mga gawain sa paaralang nagsimula na ng Taong Panuruan at gagawin ito nang birtuwal. Samantala, hindi ito sapilitan sa mga paaralang nasa bakasyon pa.

7. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)** sa email komisyonsawika@gmail.com o selfon bilang 0928-844-1349 at Kawanihan ng Linangan sa Pagkatuto sa email bld.od@deped.gov.ph o telepono bilang (02) 8637-4347.

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

To authenticate this document, please scan the QR code

DEPED-OSEC-444856

Kalakip:
Gaya ng sinasaad

Saggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 059, s. 2020

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

MCR/SMMA/APA/MPC/MCDJ, Updated DM-Buwan ng Wika
Updated 0185 - Hulyo 07/21, 2021

Annex 1: Mungkahing mga Gawain sa Memorandum Blg. 046 s 2021

To authenticate this document please scan the QR code
DEPED-OSEC-444656

| Linggo at tema | Antas at mga Gawain | | | |
|---|---|---|---|---|
| | K-3 | Baitang 4-6 | Baitang 7-10 | Baitang 11-12 |
| **2–6 Agosto**<br><br>Wikang Katutubo: Tanghalan ng Yaman at Kalinangang Katutubo | Pagdalo ng mga guro sa webinar ng KWF hinggil sa Wikang Katutubo: Tanghalan ng Yaman at Kalinangang Katutubo | | Pagdaraos ng mga online forum at talakayan hinggil sa mga mahalagang personalidad sa larangan ng lingguwistika, panitikan, at kultura ng katutubong wika. | |
| **9–13 Agosto**<br><br>Wikang Katutubo: Wika ng Lahi, Wika ng mga Bayani | | • Online forum ukol sa mga wikang katutubo. | • Pagsulat ng mga tula na may kinalaman sa Wikang Katutubo. (online)<br>• Timpalak sa muling pagsalaysay ng mga kuwentong-bayan gámit ang wikang katutubo. (online) | |
| **16–20 Agosto**<br><br>Wikang Filipino: Bigkis ng Magkakalayong Pulô | | • Pagsulat ng sanaysay gámit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan sa komunidad na sumasalamin sa pagkakaisa o pagbibigkis ng mga mámamayán.<br>• Pananaliksik sa kasaysayan at kasalukuyang estado ng isang katutubong wika. | | |
| **23–31 Agosto**<br>Mga Wikang Katutubo sa Pagbubuo ng Pambansang Panitikan | | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa pagbubuo ng pambansang panitikan.<br>• Paglikha ng awit gámit ang wikang katutubo na nagpapakita at nagtataguyod ng panitikang Filipino.<br>• Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wika. | | |